

MGA PAYO AT TAGUBILIN TUNGKOL SA: MGA PAGDINIG NG HUKUMAN SA PAMAMAGITAN NG BY AUDIO/VIDEO CONFERENCING PARA SA SAN FRANCISCO SUPERIOR COURT

Ipinag-aatas ang sumusunod sa lahat ng kalahok na mag-a-appear sa mga pagdinig ng hukuman sa pamamagitan ng Audio/Video conferencing:

- **Tandaan:** Ang mga pampublikong pagdinig ay io-audiocast o ila-livestream para sa pag-access ng publiko hanggang sa limitasyong mapapayagan ng Hukuman.

MGA PAYO:

- ✓ **PAGBABAWAL SA PAG-RECORD:** HUWAG i-record ang pagdinig sa anumang paraan. Ipinagbabawal ang anumang pag-record sa isang paglilitis sa hukuman, pati ang mga screen shot o iba pang pagkopya sa visual o audio ng pagdinig. Ang anumang paglabag ay mapapatawan ng ganap na kaparusahan alinsunod sa batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga multang hanggang \$1,000, pagbabawal na pumunta sa mga pagdinig sa hinaharap, o iba pang parusang naaangkop para sa Hukuman.
- ✓ Dapat sumunod ang lahat ng remote na kalahok sa mga kinakailangan sa tamang asal na tulad sa iniaatas sa courtroom, pati sa naaangkop na pananamit, hindi pagkain, hindi pag-inom, at pag-off ng mga cell phone, na para bang personal ang kanilang appearance.
- ✓ Ang mga remote na kalahok ay dapat tumawag mula sa isang tahimik at pribadong lokasyon na hindi maingay ang background at dapat silang magsagawa ng pinakamahusay na pagsisikap para maalis ang lahat ng posibleng makaabala sa paningin at pandinig sa oras ng pagdinig.
- ✓ Dapat ipakilala ng lahat ng remote na kalahok ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng kanilang pangalan at apelyido sa screen ng video platform na ginagamit ng hukuman (hindi tinatanggap ang mga numero ng telepono o pseudonym).
- ✓ Kapag tinanong ka, ilahad ang iyong buong pangalan bago ka magsalita para malaman ng lahat ng kalahok kung sino ang nagsasalita.
- ✓ **Mga teknikal na problema:** Kung madidiskonekta ang isang remote na kalahok sa video hearing o kung makakaranas siya ng iba pang teknikal na problema, dapat sikapin nang husto ng kalahok na mabilis na magkaroon ng koneksyon. Kung hindi ka makakakonekta ulit sa pagdinig, dapat mong abisuhan ang hukuman kung saan ka nag-a-appear, sa pamamagitan ng telepono o email.
- ✓ Huwag umalis sa virtual na meeting hangga't hindi ka pinapayagan ng Hukuman na gawin ito. Kung kailangan mo ng break, hilingin ito sa hukuman.

MGA TAGUBILIN:

- ✓ Isara ang lahat ng iba pang program na hindi ginagamit para hindi makaabala ang mga ito sa iyong koneksyon o presentasyon.
- ✓ Suriin ang iyong computer o iba pang device nang kahit man lang limang minuto bago ang pagdinig, para matiyak na gumagana ang audio at video nito.
- ✓ Iposisyon ang iyong camera nang eye level para nakatingin ka sa camera habang nagsasalita.

- ✓ Hindi pinapayagan ang mga virtual na background o filter dahil binabago ng mga ito ang iyong hitsura—at sa halip ay gumamit ng real time na background.
- ✓ I-mute ang iyong audio kapag hindi ka nagsasalita.
- ✓ Isang tao lang ang dapat magsalita sa isang pagkakataon. Huwag sabayan sa pagsasalita ang isa't isa.
- ✓ Itaas ang iyong kamay kapag tumututol ka, kung sakaling may pag-lag sa audio, at para hindi mo maabala ang iba.
- ✓ Kung pinaplano mong gamitin ang function na “ibahagi ang screen” (**puwede lang kung may pahintulot ng Hukuman**), tiyaking alam mo kung paano gamitin ang function na ito at ihanda ang dokumento sa pagpapakita.